
# Impormasyon para sa mga Biktima

# ng Pantahanang Karahasan, Sekswal na Pagsalakay at Paniniktik



# Ang mga Opisyal ng Pulisya ay Narito upang Tumulong

Binago Feb 2020

Ang publikasyong ito ay inilabas ng Kagawaran ng Kaligtasan ng Publiko [Deparment of Public Safety], Dibisyon ng mga Pangkat ng Estado ng Alaska [Division of the Alaska State Troopers], ginawa sa gastos na $0.33 bawat kopya upang turuan ang mga biktima ng pantahanang karahasan [domestic violence], sekswal na pagsalakay [sexual assault], at paniniktik [stalking] tungkol sa kanilang mga karapatan at serbisyo na magagamit nila sa buong estado. Ang publikasyong ito ay nilimbag sa Anchorage, Alaska.

# Panimula

Ang libritong ito ay dinisenyo upang magbigay sa mga biktima ng pantahanang karahasan, sekswal na pagsalakay at paniniktik ng impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan at tiyak na mga tungkulin ng mga opisyal ng pulisya sa mga kasong ito.

Tanging ilang mga bahagi ng libritong ito ay maaaring maging kapakipakinabang sa iyo, depende sa iyong relasyon sa nang-aabuso o pinaghihinalaan/nasasakdal sa iyong kaso. Dapat ipaalam sa iyo ng opisyal na magbibigay sa iyo ng libritong ito kung aling mga bahagi ng libritong ito ang naaangkop sa iyong kaso.

# Seksyon I: Pantahanang Karahasan

## Ang mga Opisyal ng Pulisya ay Nandyan Upang Tumulong

Kung ikaw ay biktima ng pantahanang karahasan, at tumugon ang pulis upang tulungan ka, inaatasan sila ng batas na basahin ang ilang bahagi ng libritong ito sa iyo. Ang mga bahagi na ito ay mahalagang kinulayan ng dilaw. Ang iba pang impormasyon ay ibinigay para sa iyong karagdagang benepisyo.

Kung ikaw ay biktima ng pantahanang karahasan at naniniwala ka na kailangan ang proteksiyon ng pagpapatupad ng batas para sa iyong pisikal na kaligtasan, may karapatan kang humiling na tulungan ka ng opisyal sa pagbibigay kaligtasan sa iyo, kasama ang paghiling ng utos para sa pang-emerhensiyang pamproteksiyon.

Maaari mo ring hilingin sa opisyal na tulungan ka sa pagkuha ng mahalagang pansariling mga pag-aari tulad ng mga damit, gamit sa pagliinis at pag-aayos ng katawan, o gamot para sa iyo at sa iyong anak (mga anak), at hanapin at dalhin ka sa isang ligtas na lugar, kabilang ang isang itinalagang lugar ng tagpuan o tuluyan, ang tirahan ng isang miyembro ng sambahayan o kaibigan, o isang katulad na lugar ng kaligtasan.

Kung ikaw o ang iyong anak (mga anak) ay nangangailangan ng medikal na paggamot, maaari kang humiling sa opisyal na tulungan ka sa pagkuha ng medikal na paggamot.

Ang isang pantahanang karahasan/ programa sa sekswal na pagsalakay ay maaaring mapalawak pa ang pagsisikap ng pulis sa pagbibigay ng kanlungan, pamamagitan sa krisis, legal na pagtataguyod, tulong at iba pang mga mapapagkukunan. Ang ilan sa mga nakalista sa ilalim ng "Isang Programang Pantahanang Karahasan ay Nandyan Para Tumulong."

## Ang Hukuman ay Nandyan Upang Tumulong

Mayroon ka ring karapatan na maghain ng isang petisyon sa hukuman na humiling ng isang utos na pamproteksiyon na maaaring isama ang alinman sa mga sumusunod na probisyon:

1. Pagbawalan ang taong sa iyo'y umabuso mula sa paggawa ng pagbabanta o gumawa ng karagdagang mga pagkilos ng pantahanang karahasan, paniniktik, o panggugulo.

2. Pagbawalan ang taong sa iyo'y umabuso mula sa pagtawag sa telepono, makipag-ugnay, o sa ibang paraan na makipag-usap sa iyo, nang direkta o hindi direkta.

3. Alisin at ibukod ang taong sa iyo'y umabuso mula sa iyong tirahan, kahit sino man ang may-ari ng tirahan.

4. Utusan ang taong sa iyo'y umabuso na lumayo sa iyong tirahan, paaralan, lugar ng trabaho, o anumang iba pang tinukoy na lugar na ikaw o miyembro ng sambahayan ay pumupunta para maging ligtas.

5. Pagbawalan ang taong sa iyo'y umabuso sa paggamit o pagpasok sa iyong sasakyan o isang sasakyan na ginagamit mo.

6. Pagbawalan ang taong sa iyo'y umabuso sa paggamit o pagkakaroon ng isang armas na nakamamatay.

7. Pagsabihan ang taong sa iyo'y umabuso na isuko ang anumang armas na pag-aari o kung mapapatunayan ng hukuman na ang taong iyon nga ang may hawak o gumamit ng isang armas habang naganap ang pang-aabuso.

8. Humiling ng isang opisyal ng kapayapaan na samahan ka sa iyong tirahan upang matiyak ang iyong ligtas na pag-aari ng tirahan, sasakyan, o iba pang mga gamit, kabilang ang isang alagang hayop (kahit sino pa man ang may-ari), o upang matiyak na ligtas ka sa pagkuha ng mga pansariling kagamitan mula sa tirahan.

9. Bigyan ka ng pansamantalang pag-iingat ng isang menor de edad na bata at ayusin ang pagbisita sa isang menor de edad na bata kung ang kaligtasan ng bata at taong nagpetisyon ay maprotektahan.

10. Bigyan ka ng pag-aari at paggamit ng isang sasakyan at iba pang mahahalagang pansariling mga kagamitan kabilang ang isang alagang hayop, kahit sino pa man ang may-ari ng mga kagamitang iyon.

11. Pagbawalan ang taong sa iyo'y umabuso sa paggamit ng ipinagbabawal na sangkap.

12. Atasan ang taong sa iyo'y umabuso na magbayad ng suporta para sa iyo o sa isang menor de edad na bata o isang alagang hayop sa iyong pangangalaga.

13. Atasan ang taong sa iyo'y umabuso na ibalik ang perang nagastos mo dulot ng pantahanang karahasan, kasama ang mga bayad sa pagpapagamot, o para sa iyong mga gastos sa pagkuha ng isang utos pamproteksyon.

14. Atasan ang taong sa iyo'y umabuso na lumahok sa isang aprobadong programa na namamagitan ng Kagawaran ng Pagwawasto [Department of Corrections] para sa mga taong nananakit.

15. Humingi ng iba pang lunas na tinutukoy ng hukuman na kinakailangan para sa iyong kaligtasan.

# Mga Utos Pamproteksiyon

Ang mga pormularyo na iyong kakailanganin upang makakuha ng utos pamproteksiyon ay maaaring makuha sa pulis o pinakamalapit na hukuman. Hindi kinakailangan ang abogado upang makakuha ng isang utos pamproteksiyon, ngunit maaari kang kumunsulta sa isang abogado kung iyong pipiliin.

Ang mga pormularyo ay makukuha rin on line sa https://courts.alaska.gov/forms/index.htm at ang pook-sapot na ito ay nag-aalok din ng mga direksiyon sa paghahain para sa isang utos.

Kung nais mo ng tulong sa pagkuha ng isang utos pamproteksiyon, maaari mong tawagan ang iyong lokal na programa ng pantahanang karahasan/ sekswal na pagsalakay, ahensya ng tagapagpatupad ng batas at/o ahensya ng taga-usig sa iyong lugar. Ang mga ito ay maaaring nakalista sa likod ng libritong ito.

Bago sa loob ng 30 araw, o matapos sa loob ng 60 araw, ang pagwalang-bisa ng isang utos pamproteksiyon na inilabas o pinalawak sa ilalim ng 18.66.100, ang nagpetisyon ay maaaring magpetisyon sa hukuman para sa isang pagpapalawig ng isang utos pamproteksiyon.

# Mga Ahensya ng Taga-usig

# Nandyan Upang Tumulong

Kung ang nagkasala ay naisakdal, at nais mong sundan ang kahihinatnan ng kaso, maaari kang makipag-ugnayan sa pinakamalapit na Tanggapan ng Abogado ng Distrito [District Attorney's Office], o Tanggapan ng Taga-usig ng Munisipyo [Municipal Prosecutor's Office]. Maaari rin silang mayroong isang itinalagang tagapag-ugnay para sa biktima/saksi na magagamit upang matulungan ka sa panahon na itatagal ng kaso.

Pook-sapot ng Programang Tulong sa Biktima

http://law.alaska.gov/department/criminal/victims_assist.html

# *Lupon ng Bayaran Sa Mga Marahas na Krimen

Ang Estado ng Alaska ay may Lupon ng Bayaran sa Mga Marahas na Krimen [Violent Crimes Compensation Board], na maaaring magbayad sa mga biktimang nagtamo ng pisikal o emosyonal na kapansanan sa isang marahas na krimen. Ang nasabing kabayaran ay maaaring kasama ang pangangalagang medikal para sa iyong mga pinsala, pagpapayo na may kaugnayan sa biktima ng krimen, suweldo na nawala sa iyo dahil sa mga pinsala at marami pa. Maaari mong malaman kung paano mag-aplay sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Lupon sa:

*Lupon ng Bayaran sa Mga Marahas na Krimen sa 1 (800) 764-3040,* _____

*o sa internet sa [www.doa.alaska.gov/vccb/home.html](www.doa.alaska.gov/vccb/home.html)*

# Tanggapan ng mga Karapatan ng Biktima [Office of Victims' Rights]

Nagbibigay ang OVR ng legal na tulong sa mga biktima ng krimen sa pagkuha ng mga karapatan na sila ay ginagarantiyahan sa ilalim ng konstitusyon at batas ng Alaska na may kinalaman sa kanilang mga pakikipag-ugnay sa pagpapatupad ng batas at ahensya ng taga-usig ng estado. Walang singil para sa legal na tulong na ito.

Tanggapan ng mga Karapatan ng Biktima ng Alaska [Alaska Office of Victims' Rights]
1007 West 3rd Ave. Suite 205 Anchorage, AK 99501-1936
Telepono: 1-907-754-3460
Fax: 1-907-754-3469
Libreng Tawag: 1-844-754-3460
https://ovr.akleg.gov/

## Impormasyon sa Biktima at Abiso Araw-araw [Victim Information & Notification Everyday] (VINE)

Ang Vine ay isang libre at hindi nagpapakilalang serbisyo na kung saan ang mga biktima ng krimen ay maaaring gumamit ng telepono o internet upang maghanap ng impormasyon tungkol sa katayuan ng pag-iingat ng nagkasala [offender's custody status] sa kanila at magparehistro upang makatanggap ng abiso sa telepono at email kapag nagbago ang katayuan ng pag-iingat ng nagkasala sa kanila.

Ang pagpaparehistro para sa awtomatikong abiso ay maaaring gawin sa isa sa dalawang paraan:

Telepono o Online.  Para magparehistro sa pamamagitan ng telepono, tawagan ang Libreng Tawag na numero ng Impormasyon ng Pag-iingat ng Nagkasala [Offender Custody Information Toll Free number]:  (800) 247-9763.

Maaaring magawa ang online na pagpaparehistro sa pamamagitan ng VINELink sa www.vinelink.com

Kung hindi ka sigurado kung nakarehistro ka o nangangailangan ng karagdagang tulong sa biktima, tawagan ang Lugar ng Serbisyo sa Biktima ng Kagawaran ng Pagwawasto [Department of Corrections Victim Service Unit] sa (877) 741-0741.

Ang VINE ay kasalukuyang magagamit sa 48 na estado- ipinapakita sa interaktibong mapa na matatagpuan sa VINELink ( www.vinelink.com). Kung ang nagkasala sa iyo ay nasa pag-iingat ng estado na lumalahok sa VINE, dapat mong mahanap ang impormasyon ng pag-iingat sa VINELink. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa VINE ay maaaring matagpuan sa www.appriss.com/VINE.html

**MAHALAGA: ANG VINE AY ISANG SISTEMANG PANG-IMPORMASYON. HUWAG UMASA SA VINE O ANUMANG IBA'T IBANG PROGRAMA PARA SA IYONG KALIGTASAN.**

## Kahulugan ng mga Relasyon sa Pantahanang Karahasan

Ang pantahanang karahasan ay tinukoy ng Estado ng Alaska sa pamamagitan ng iyong relasyon sa taong umaabuso sa iyo o ang taong pinaghihinalaan/akusado sa iyong kaso. Ang mga relasyon na tumutukoy sa pantahanang karahasan ay ang mga sumusunod:

1. mga may sapat na gulang o menor de edad na kasalukuyan o dating asawa (asawang lalaki/babae o dating asawang lalaki/babae);
2. mga may sapat na gulang o menor de edad na nakatira nang magkasama (kasama sa silid);
3. mga may sapat na gulang o menor de edad na nakikipagligawan o nakipagligawan (kasintahang lalaki o babae);
4. mga may sapat na gulang o menor de edad na may kasunduang pakasal o nakikipag-ugnay sa isang sekswal na relasyon;

5. mga may sapat na gulang o mga menor de edad na may kaugnayan sa bawat isa hanggang sa ika-apat na antas ng pagkakamag-anak, alinman sa buo o kalahating dugo o sa pamamagitan ng pag-aampon (unang pinsan o malapit, kabilang ang mga kapatid na babae at lalaki, tiyahin, tiyo at lola at lolo);
6. mga may sapat na gulang o mga menor de edad na may kaugnayan sa kasal o dating nauugnay sa kasal (biyenang babae o lalaki, kinakapatid na lalaki o babae, bayaw o hipag;
7. mga taong may anak ng relasyon; at
8. menor de edad na bata ng isang tao sa isang relasyon na inilarawan sa 1-7.

# Mga Relasyon na Hindi Pantahanang Karahasan

Kung **wala** ka sa isa sa mga tinukoy na mga relasyon sa pinaghihinalaang tao/ nasasakdal sa iyong kaso at ang iyong kaso ay isang paniniktik o sekswal na pagsalakay na kaso dapat mong suriin ang impormasyong tiyak sa mga biktima ng paniniktik at/o sekswal na pagsalakay (seksyon 2 at 3 ng libritong ito). Ang mga halimbawa ng mga relasyon na hindi maaaring maging karapat-dapat bilang pantahanang karahasan ay:

1. kaibigan o dating kaibigan
2. katrabaho o dating katrabaho
3. tagapamahala o dating tagapamahala
4. empleyado o dating empleyado
5. kapit-bahay o dating kapit-bahay
6. kaklase o dating kaklase
7. kakilala
8. legal na tagapag-alaga
9. empleyado ng pasilidad ng pagwawasto
10. kliyente or dating kliyente
11. estranghero

# Iniuutos na Pag-aresto

Kapag nalaman ng pagpapatupad ng batas ang isang pangyayari ng pantahanang karahasan sila ay kailangang mag-imbestiga. Ang mga opisyal/pangkat ay kinakailangang magsagawa ng pag-aresto kung may maaaring dahilan [probable cause] (katibayan) ang isang krimen na kinasasangkutan ng pantahanang karahasan ay naganap; nakilala ang nagkasala at maaaring matagpuan sa loob ng 12 oras ng pangyayari. Pagkalipas ng 12 oras, maaaring arestuhin ng mga opisyal/pangkat ang nagkasala na mayroon o walang nakasulat na utos. Kasama sa katibayan ang iyong pahayag, mga pahayag ng iba, pinsala sa mga pag-aari, atbp. Ito ang responsibilidad ng mga ahensya ng estado o munisipyong taga-usig na "magsampa ng kaso." Kung may maaaring dahilan na ang isang krimen ay nagawa, tanging ang pulis at ang taga-usig, hindi ang biktima, ang may pasyang mag-aresto.

# Karagdagang Impormasyon para sa mga Biktima ng DV

Mangyaring buksan ang seksyon IV sa libritong ito, simula sa pahina 25, upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at serbisyo na magagamit sa iyong komunidad.

# Seksyon II:
# Paniniktik at Sekswal na Pagsalakay
# Mga Utos Pamproteksiyon

## Ang mga Opisyal ng Pulisya ay Nandyan Upang Tumulong

Kung ikaw ay biktima ng paniniktik o sekswal na pagsalakay **na hindi isang krimen sa pantahanang karahasan** at ang mga opisyal ng pulisya ay tumugon upang tulungan ka, kinakailangan nilang ibigay sa iyo ang libritong ito.

Kung ikaw ay biktima ng paniniktik o sekswal na pagsalakay **na hindi isang krimen sa pantahanang karahasan** at ang mga opisyal ng pulisya ay maaaring mag-aplay sa iyong pahintulot (pagpayag) para sa isang pang-emerhensiyang utos sa paniniktik o sekswal na pagsalakay (72 oras).

Ang mga pahina 13-15 ng libritong ito ay tinutukoy ang mga relasyon ng pantahanang karahasan at mga relasyon na hindi pantahanang karahasan.

## Mga Utos Pamproteksiyon

Kung ikaw ay biktima ng paniniktik o sekswal na pagsalakay **na hindi isang krimen sa pantahanang karahasan,** may karapatan kang maghain ng petisyon sa hukuman na humiling ng isang utos pamproteksiyon na maaaring isama ang mga alinman sa mga sumusunod na probisyon:

1. Pagbawalan ang taong sa iyo'y umabuso o sumubaybay ng palihim mula sa pagbanta na gumawa o gagawa ng paniniktik o sekswal na pagsalakay.

2. Pagbawalan ang taong sa iyo'y umabuso o sumubaybay ng palihim mula sa pagtawag sa telepono, makipag-ugnay, o sa ibang paraan na makipag-usap sa iyo, nang direkta o hindi direkta, sa iyo o isang itinalagang miyembro ng sambahayan (tulad ng iyong anak o asawa) na tiyak na pinangalanan ng hukuman.

3. Utusan ang taong tumugon na lumayo sa iyong tirahan, paaralan, lugar ng trabaho, o anumang tinukoy na lugar na madalas mong puntahan; gayunpaman, ang hukuman ay maaaring mag-utos sa taong umabuso sa iyo o sumubaybay ng palihim  na lumayo sa kanilang sariling paninirahan, paaralan, o lugar ng trabaho kung nabigyan lamang sila ng aktwal na paunawa ng pagkakataon na lumitaw at madinig sa petisyon.

4. Mag-utos ng iba pang kaluwagan na tinutukoy ng hukuman na kinakailangan upang protektahan ka o ang iyong itinalagang miyembro ng sambahayan.

Ang pangmatagalang utos pamproteksiyon sa paniniktik at sekswal na pagsalakay ay tumatagal ng isang taon.

Bago sa loob ng 30 araw, o matapos sa loob ng 60 araw, ang pagwawalang-bisa ng isang utos pamproteksiyon na inilabas o pinalawak sa ilalim ng 18.65.850, ang nagpetisyon ay maaaring magpetisyon sa hukuman para sa isang pagpapalawig ng utos pamproteksiyon.

Ang mga pormularyo na iyong kakailanganin upang makakuha ng utos pamproteksiyon ay maaaring makuha sa pulis o mga hukuman. Ang mga pormularyo ay makukuha rin online sa www.state.ak.us/courts/forms at ang pook-sapot na ito ay nag-aalok din ng mga direksiyon sa paghahain para sa isang utos. Hindi kinakailangan ang abogado upang makakuha ng isang utos pamproteksiyon, ngunit maaari kang kumunsulta sa isang abogado kung iyong pipiliin.

Kung ang taong sa iyo'y umabuso o sumubaybay ng palihim ay lumabag sa anumang mga probisyon ng utos, napakahalaga na makipag-ugnayan kaagad sa pulis sa pamamagitan ng pagtawag sa 911 o kaagad tumawag ng pulis.

# Mga Ahensya ng Taga-usig Nandyan Upang Tumulong

Kung ang nagkasala ay naisakdal, at nais mong sundan ang kahihinatnan ng kaso, maaari kang makipag-ugnayan sa pinakamalapit na Tanggapan ng Abogado ng Distrito o Tanggapan ng Taga-usig ng Munisipyo . Maaari rin silang mayroong isang itinalagang tagapag-ugnay para sa biktima/saksi na magagamit upang matulungan ka sa panahon na itatagal ng kaso. Maaari mong mahanap ang impormasyon ng pakikipag-ugnay para sa iyong lokal na tanggapan ng taga-usig sa likod ng libretong ito.

# Seksyon III:
# Mga Karapatan ng mga Biktima ng Sekswal na Pagsalakay

Bilang isang biktima ng isang sekswal na pagsalakay o isang sekswal na pang-aabuso sa isang menor de edad na krimen, mayroon kang mga tiyak na karapatan sa ilalim ng batas ng estado. Sa ibaba ay isang buod ng ilan sa iyong mga karapatan :

• Hindi ka maaaring singilin para sa porensikong bahagi ng pagsusuri sa sekswal na pagsalakay;

• Kung ang pagtagos [penetration] ay isang elemento ng pagkakasala, maaari kang mag-petisyon sa hukuman na utusan ang taong umabuso sa iyo (nasakdal) na magsumite sa isang pagsusuri sa dugo para sa presensya ng HIV at iba pang mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik. May karapatan ka sa libreng pagpapayo, pagsusuri at pagsangguni sa naaangkop na mga pasilidad sa pangangalaga sa kulusugan at suporta sa serbisyo;

- Ang iyong pangalan ay maaaring hindi magamit sa mga dokumento ng hukuman maliban kung pinahihintulutan ng hukuman. Sa halip, ang iyong mga inisyal ang gagamitin;

- Ang katibayan ng iyong nakaraang sekswal na kasaysayan o sanggunian dito ay hindi maaaring gamitin sa hukuman (hindi matatanggap) maliban kung ang hukuman ay nakahanap ng isang tiyak na kaugnayan;

- Ang iyong mga komunikasyon (pakikipag-usap) sa iyong tagapayo/tagapagtaguyod ng biktima ay kompidensyal, maliban kung ang pribilehiyo ay tinalikdan o naaangkop ang isang kataliwasan; at

- Ang tagapagpatupad ng batas ay gagawa ng isang makatwirang pagsisikap na ipaalam sa iyo na sinubukan ang iyong kagamitang pagsusuri [examination kit] sa sekswal na pagsalakay. Ang notipikasyon na ito ay dapat maganap sa loob ng dalawang linggo pagkatapos masuri ang iyong kagamitan.

# Seksyon IV:
# Karagdagang Impormasyon sa mga Karapatan at Serbisyo

- Ang mga adres ng iyong tirahan at negosyo at mga numero ng telepono ay kompidensyal;
- Hindi ka kinakailangang makipag-usap sa tagapayo ng depensa (abogado ng taong sa iyo'y umabuso);
- Maaari kang humiling ng taga-usig o ibang tao na dumalo sa panahon ng pakikipanayam sa tagapayo ng depensa o/at imbestigador para sa depensa;

Kung nakipag-ugnay ang tagapayo ng depensa o/isang imbestigador para sa depensa, tama lamang na humingi ng pagkakakilanlan ng tao (pangalan at kung saan sila nagtatrabaho) at isang numero kung saan maaari mong tawagan sila pabalik.

- Maaari kang humiling na lumahok sa paunang pagpapakita ng taong umabuso sa iyo sa harap ng hukuman kapag nakatakda ang mga kondisyon ng piyansa. Kung ang kaso ay isang pantahanang karahasan o sekswal na pagsalakay, dapat isaalang-alang ng hukuman ang iyong mga komentaryo kapag gumawa ng desisyon na palayain ang taong umabuso sa iyo.



Bilang isang biktima ng isang krimen mayroon ka ring karapatan na masabihan sa lahat ng pagdinig tungkol sa nasasakdal, na kinabibilangan ng:

(1) paunang pagharap o pagsasakdal,

(2) pagdinig sa piyansa,

(3) mga panukala ng panimulang paglilitis,

(4) may-sala o pagbabago ng sagot sa paratang

(5) paglilitis, at

(6) pagsesentensiya.

Mayroon ka ring pagpipilian kung gusto mong pumunta o hindi sa nakatakdang mga pagdinig. Maaari kang personal na naroroon o sa pamamagitan ng telepono. Ang mga karapatan ng biktima ay nagpapahintulot na maaari kang humarap sa hukuman sa mga pagdinig sa piyansa, pagbabago ng sagot sa paratang, paglilitis, at pagsesentensiya.

Ang paunang pagharap ng nasasakdal o pagsasakdal para sa iyong kaso ay nakalista sa likod ng libretong ito.

Para sa isang detalyadong listahan ng lahat ng mga karapatan na inaalok sa mga biktima ng krimen sa Alaska pumunta sa https://ovr.akleg.gov/

Kung wala kang magamit na Internet hilingin sa iyong tagapagtaguyod ng biktima, taga-usig o taga-ugnay sa testigo ng biktima upang tulungan kang makakuha ng isang kopya.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong mga karapatan maaari kang makipag-ugnayan sa tagapagtaguyod ng iyong biktima, ang taga-usig o ang tagapag-ugnay ng testigo ng biktima. Ang mga numero ng telepono para sa mga taong ito at kanilang mga ahensya ay nakalista sa likod ng libretong ito. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Karapatan ng Biktima ng Alaska (OVR). Ang impormasyon ng ugnayan ng OVR ay nakalista sa pahina 10 ng libretong ito.

## Isang Programa Ng Pantahanang Karahasan/Sekswal Na Pagsalakay Ay Nandyan Upang Tumulong

Tumawag sa ahensya na tinukoy sa likuran ng libretong ito. Kung ang ahensya ay hindi tinukoy maaari kang tumawag sa pinakamalapit na ahensya ng pagpapatupad ng batas para sa pangalan at numero ng telepono ng kanlungan o programa sa iyong lugar. Ang isang tagapagtaguyod mula sa programa ay maaaring magbigay ng isang bilang ng mga sumusunod:

- Ligtas na kanlungan at kaligtasan sa pagpaplano
- Legal na impormasyon
- Tulong sa pagpuno ng papeles ng utos pamproteksiyon
- Kasama kang dumalo sa pagdinig sa hukuman
- Samahan ka sa ospital o klinika para sa porensikong medikal na pagsusuri ng sekswal na pagsalakay
- 24 linya sa krisis
- Transportasyon papuntang kanlungan
- Tulong sa paghain para sa Kompensasyon sa mga Marahas na Krimen

- Mga damit at gamit sa bahay
- Mga libro at bidyo tungkol sa karahasan sa tahanan, sekswal na pagsalakay at pang-aabuso sa bata
- Pagkakaroon ng daan sa iba pang mga mapapagkunan ng komunidad tulad ng:
  - pabahay
  - serbisyong panlipunan
  - edukasyon o pagpapayo
  - paggamot sa alkohol/droga
  - pangangalaga sa bata
  - trabaho
  - medikal na paggamot
  - legal na tulong

## Kompidensyalidad

Ang Alaska ay may batas kompidensyal upang protektahan ka kung ikaw ay magpasyang humingi ng mga serbisyo sa programa ng pantahanang karahasan o sekswal na pagsalakay. Ang mga programang ito ay mahigpit na sinusunod ang mga prinsipyo ng pagtitiwala. Pinoprotektahan ng mga batas sa Alaska ang mga komunikasyon sa pagitan ng mga biktima ng pantahanang karahasan at sekswal na pagsalakay at mga tagapagtaguyod maliban sa limitandong pangyayari.

# Ano Ang Isang Tagapagtaguyod?

Ang tungkulin ng isang tagapagtaguyod ay ang pagbibigay ng suporta, impormasyon, at mapapagkunan sa biktima. Ang mga tagapagtaguyod ay maaaring tumulong sa maraming iba't ibang mga bagay na nakalista sa mga nakaraang pahina. Ang tagapagtaguyod ay isang taong nakikinig at hindi manghuhusga. Ang mga tagapagtaguyod ay hindi mangangasiwa ng mga pagsisiyasat, gagawa ng mga pagsusuri sa mga partido na kasangkot o karaniwang sumasaksi sa hukuman.

Mahalagang tandaan na ang isang tagapagtaguyod ay magsasalita lamang sa iyong ngalan sa iyong kahilingan at direksyon. Sa isang pagsisikap upang matiyak na maaayos ang pagpapatakbo ng sistema para sa iyo, ang isang tagapagtaguyod ay maaaring makatulong na mapanatili ang isang positibong relasyon sa pakikipagtulungan sa mga miyembro ng pagpapatupad ng batas, pag-uusig at mga hukuman. Ang mga tagapagtaguyod ay magagamit 24 oras sa isang araw upang matulungan ka.

# Maaari Kang Makatulong Na Ipagtanggol ang Iyong Sarili

- Makipag-usap sa isang kaibigan o kamag-anak na mapapapagkatiwalaan.
- Alamin ang tunkol sa mga kanlungan at ligtas na mga bahay bago mo ito kailanganin.
- Kunan mo ng larawan ang mga kapinsalaan mo; maaari mo itong magamit sa kalaunan.
- Magkaroon ka ng senyas sa iyong kapitbahay na magagamit kung kakailanganin mo ng tulong at hilingin sa kapitbahay na tumawag ng pulis kung may maririnig na ingay na kahinahinala na nagmumula sa iyong tahanan.
- Itago ang pera, mga mahahalagang papeles, damit, susi ng sasakyan at iba pang mahahalagang bagay sa ligtas na lugar.
- Turuan ang iyong mga anak sa paggamit ng telepono o radyo upang makatawag sa pulis sa oras ng emerhensiya.
- Tumawag sa pulis kung kailan ligtas at maaari kang kumuha ng utos pamproteksiyon mula sa hukuman .
- Makipagtagpo sa isang tagapagtaguyod mula sa isang kanlungan o iba pang programang idinisenyo upang makatulong o sa isang kaibigan at gumawa ng isang pangkaligtasang plano. Sanayin mo ang iyong mga anak sa planong ito.

# Alamin Na Ang Pang-aabuso Ay Hindi Mo Kasalanan

- Alamin na wala kang ginawa upang maging sanhi ng pang-aabuso.

- Alamin na walang sinuman ang may karapatang abusuhin ka.

- Alamin na hindi lamang ikaw ang apektado, ang mga batang mula sa marahas na tahanan ay nakakaranas ng matinding kalungkutan, pangamba, takot, mababang pagpapahalaga sa sarili, at damdaming may pagkakasala.

- Alamin na ang karamihan sa mga bata na pinalaki ng pang-aabuso ay natututong gumamit ng karahasan bilang isang paraan upang makontrol ang iba sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihan at puwersa. Pinahihintulutan ng karahasan na magpatuloy ang mga suliranin at ang karahasan ay madalas tumitindi sa paglipas ng panahon.

- Alamin na ang mga relasyong nakasalig sa takot, kapangyarihan, at kontrol ay mapang-abuso.

- Alamin na nauunawaan ka ng iba kung bakit nais mong manatili at ang paglisan ay hindi madaling gawin.

- Alamin na ang pang-aabuso ay madalas na mas masahol, mas matindi, at lalong dadalas. Kahit na ang pagtatapos ng relasyon ay maaaring hindi sapat upang maprotektahan ka mula sa panganib nang walang suporta mula sa iba.

- Alamin na may mapapapagkunan ng tulong.

# Mga Serbisyong Programa Sa Mga Biktima ng Pantahanang Karahasan & Sekswal Na Pagsalakay

## ANCHORAGE

AWAIC
Tulong sa Naabusong mga Kababaihang nasa Krisis [Abused Women's Aid in Crisis]
100 W. 13th Avenue
Anchorage, AK 99501
907-279-9581 (Opisina)
24- Oras Linya sa Krisis: 907-272-0100
www.awaic.org

VFJ
Mga Biktima para sa Katarungan [Victims for Justice]
1057 W. Fireweed Lane, Suite 101 Anchorage, AK 99503
907-278-0977
www.victimsforjustice.org

STAR
Magkasamang Nakatayo Laban sa Panggagahasa [Standing Together Against Rape]
1057 W. Fireweed Ln, Ste 230 Anchorage, AK 99503
907-276-7279 (Opisina) 24-Oras Linya sa Krisis: 907-276-7273
800-478-8999 (Libreng-Tawag)
www.staralaska.com

## BETHEL

TWC
Pagsasanib ng mga Kababaihan ng Tundra [Tundra Women's Coalition]
P.O. Box 2029 248 6th Avenue
Bethel, AK 99559
24-Oras ng Linya sa Krisis: 907-543-3456 (Lokal) 800-478-7799 (Libreng-Tawag)
www.tundrapeace.org

## CRAIG

HOPE
Pagtulong sa Ating Sarili na Maiwasan ang mga Emerhensiya [Helping Ourselves Prevent Emergencies]
404 Spruce Street Craig, AK 99921
24-Oras Linya sa Krisis: 907-826-4673 (Lokal)
www.hope4pow.org

## CORDOVA

CFRC
Sentro ng Mapapagkunan ng Pamilya ng Cordova [Cordova Family Resource Center]
P.O. Box 863
Cordova, AK 99574
24-Oras ng Linya sa Krisis: 907-424-4357
907-424-5674 (Lokal)
866-790-4357 (Libreng-Tawag)
httwww.cordovafamilyresourcecenter.org/

## DILLINGHAM

SAFE
Ligtas at Walang Takot na Kapaligiran [Safe and Fear Free Environment]
P. O. Box 94
21 G Street West
Dillingham, AK 99576
907-842-2320
(Opisina) 24-Oras Linya sa Krisis:

## EMMONAK

Kanlungan ng mga Kababaihan ng Emmonak [Emmonak Women's Shelter]
P.O. Box 207
Emmonak, AK 99581
24-Oras Linya sa Krisis:
907-949-1443 (Lokal)
www.emmonakshelter.org

## FAIRBANKS

IAC
Sentro para sa Hindi Marahas na Pamumuhay ng Panloob ng Alaska [Interior Alaska Center for Non-Violent Living]
726 26th Avenue
Fairbanks, AK 99701
24-Oras Linya sa Krisis:
907-452-2293 (Lokal)
800-478-7273 (Libreng-Tawag) www.iacnvl.org

## HOMER

Bahay Silungan ng Timog Peninsula [South Peninsula Haven House]
3776 Lake St, Ste 100
Homer, AK 99603
24-Oras Linya sa Krisis:
907-235-8943 (Lokal)
800-478-7712 (Libreng-Tawag)
www.havenhousealaska.org

## HOOPER BAY

Silungan ng mga Kababaihan ng Dagat ng Hooper [Hooper Bay Women's Shelter]
Sea Lion Court #4
P.O. Box 261
Hooper Bay, AK 99604

## JUNEAU

AWARE
Pagtulong sa mga Kababaihan na Naabuso at mga Emerhensiya ng Panggagahasa [Aiding Women in Abuse and Rape Emergencies]
P.O. Box 20809
Juneau, AK 99802
24-Oras Linya sa Krisis:
907-586-1090 (Lokal)
800-478-1090 (Libreng-Tawag) www.awareak.org

## KETCHIKAN

WISH
Mga Kababaihan sa Ligtas na Tahanan [Women in Safe Homes]
P.O. Box 6652
Ketchikan, AK 99901
24-Oras Linya sa Krisis:
907-225-9474 (Lokal)
800-478-9474(Libreng-Tawag)
www.ketchikanwish.org

## KENAI/SOLDOTNA

LSC
Ang Sentro ng LeeShore [The LeeShore Center]
325 Spruce Street
Kenai, AK 99611
24-Oras Linya sa Krisis:
907-283-7257 (Lokal)
www.leeshoreak.org

## KODIAK

KWRCC
Sentro ng Mapapagkunan at Krisis para sa Kababaihan ng Kodiak [Kodiak Women's Resource & Crisis Center]
P.O. Box 2122
Kodiak, AK 99615
24-Oras Linya sa Krisis:
907-486-3625 (Lokal)
888-486-3625 (Libreng-Tawag) www.kwrcc.org

## KOTZEBUE

MFCC
Sentro ng Krisis sa Pamilya ng Maniilaq [Maniilaq Family Crisis Center]
P.O. Box 38
Kotzebue, AK 99752
24-Oras Linya sa Krisis
907-442-3969 (Lokal)
1-888-478-3969 (Libreng-Tawag)
www.maniilaq.org

## PALMER

AFS
Mga Serbisyo sa Pamilya ng Alaska [Alaska Family Services]
1825 S. Chugach St
Palmer, AK 99645
24-Oras Linya sa Krisis:
907-746-4080 (Lokal)
866-746-4080 (Libreng-Tawag) www.akafs.org

## NOME

BSWG
Grupo ng mga Kababaihan ng Karagatan ng Bearing [Bearing Sea Women's Group]
P.O. Box 1596
Nome, AK 99762
24-Oras Linya sa Krisis:
907-443-5444 (Lokal)
800-570-5444 (Libreng-Tawag)
www.beringseawomensgroup.org

## PETERSBERG

WAVE
Magkatulong Laban sa Karahasan para sa Lahat [Working Against Violence for Everyone]
PO Box 415
Petersburg, AK 99833
24-Oras Linya sa Krisis:
907-518-0555
www.petersburgwave.org

## SEWARD

SCS
Mga Serbisyo sa Komunidad ng Seaview [Seaview Community Services]
302 Railway Avenue Seward, AK 99664
24-Oras Linya sa Krisis:
907-224-3027
888-224-5257 (Lokal)
www.seaviewseward.org

## UNALASKA

USAFV
Laban sa Sekswal na Pagsalakay at Karahasan sa Pamilya ng Taga-Unalaska [Unalaskans Against Sexual Assault
& Family Violence]
P.O. Box 36
Unalaska, AK 99685 24-Oras Linya sa Krisis:
907-581-1500 (Lokal)
800-478-7238 (Libreng-Tawag)
hwww.usafvshelter.org/

## SITKA

SAFV
Laban sa Karahasan sa Pamilya ng Taga-Sitka [Sitkans Against Family Violence]
P.O. Box 6136
Sitka, AK 99835
24-Oras Linya sa Krisis:
907-747-6511 (Lokal)
800-478-6511 (Libreng-Tawag) www.safv.org

## UTQIAGVIK

AWIC
Kababaihang nasa Krisis ng Artiko [Arctic Women in Crisis]
5125 Herman Street
Utqiagvik, AK 99723 24-Oras Linya sa Krisis:
907-852-0261 (Lokal)
800-478-0267 (Libreng-Tawag) www.north-slope.org

## VALDEZ

AVV
Mga Tagapagtaguyod para sa mga Biktima ng Karahasan [Advocates for Victims of Violence]
P.O. Box 524
Valdez, AK  99686
24- Oras Linya sa Krisis:
907-835-2999 (Lokal)
800-835-4044 (Libreng-Tawag)
www.avvalaska.org

# Mga Tala

# Mga Tala

# Ipinag-uutos na Pag-uulat para sa mga Opisyal sa Pagpapatupad ng Batas*

**Tanggapan ng mga Serbisyo sa Bata [Office of Children's Services]:**

Telepono: 1-800-478-4444
Email: ReportChildAbuse@alaska.gov

http://dhss.alaska.gov/ocs/Pages/childrensjustice/reporting/who_mr.aspx

**Mga Serbisyong Pamprotekta ng nasa Wastong Gulang [Adult Protective Services]:**

Telepono: 1-800-478-9996

http://dhss.alaska.gov/dsds/Pages/aps/apsreportinfo.aspx

*Ang sinumang tao ay maaaring mag-ulat ng pang-aabuso sa bata o pang-aabuso sa isang mahinang tao na nasa sapat na edad.

# Payo para sa mga Biktima ng Hindi Nakamamatay na Pagkasakal para mga Opisyal sa Pagpapatupad ng Batas

Mahalagang binabalaan kita na ang pagkasakal ay seryoso at maaaring magdulot ng mga panloob na pinsala, pinsala sa utak at/o maantalang kahihinatnan sa kaulusugan tulad ng mga atake serebral [stroke], isyu sa teroydeo [thyroid], pagkakunan [miscarriage] at/o kamatayan. Ipinapakita ng pananaliksik na kung ikaw ay nasakal kahit isang beses, ikaw ay 750% na mas malamang na mapatay ng iyong kapareha. Lubos naming hinihikayat ka na humingi ng agarang medikal na atensyon sa isang kagawaran ng pang-emerhensiya o mula sa isang tagapagbigay ng medikal at humingi ng suporta mula sa isang tagapagtaguyod.

## * Mahalagang Impormasyon

Pangkat/Opisyal (pangalan at ahensya):

Kontak #:

Kaso sa Pagpapatupad ng Batas #:

Programa ng Pantahanang Karahasan/

Sekswal na Pagsalakay:

Tanggapan ng Abogado ng Distrito/ Taga-usig:

## * Paunang Paunawa sa Pagharap

Magaganap ang paunang pagharap o paghahabla ng nasasakdal para sa iyong kaso:

Petsa:

Oras:

Lugar: